SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Kumusta ang iyong ugnayan sa Diyos? Anong mga bahagi rito ang kailangan pang pagbutihin?
- Sa palagay mo ba'y may isang bagay na pinapagawa sa iyo ang Diyos na hindi mo pa nagagawa? Ano ang pumipigil sa iyo na sundin Siya?
- Alalahanin ang panahong ibinigay mo ang iyong buhay sa Diyos. Kumusta ang iyong pamumuhay para sa Kanya simula noon? Ilista ang mga iilang bagay na ipinapasalamat mo sa Diyos.

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Anong bagong katotohanan tungkol sa pagdidisipulo ang gusto mong maranasan pang lalo? Paano?
- Papaano ka mas makakalahok pa sa pagdidisipulo? Sino ang dinidisipulo mo ngayon?
- Sinu-sino ang mga pupwede mong bahagian ng ebanghelyo at tulungan sa mga unang hakbang ng pakikipag-ugnayan nila sa Diyos? Ano ang magagawa mo upang lalo pa silang tulungan?

PRAYER

- Manalangin na ika'y magkaroon pa ng pagkagutom para sa Salita at prisensiya ng Diyos at magdasal laban sa mga hadlang sa pamumuhay na may palagiang personal na debosiyon.
- Manalangin na magkaroon ka ng pabor sa iyong mga kakilala upang mas makalahok ka pa sa paggawa ng mga tagasunod ni Jesus.
- Hilingin sa Diyos na ihanda ang mga puso ng mga taong gusto mong bahagian ng ebanghelyo at manalangin na magkaroon sila ng matatag na ugnayan sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



Pagdidisipulo

Week 2

FILIPINO

NOTES

CONNECT

- Papaano na madalas nakikipagkaibigan? Bakit kaya ito natural sa iyo?
- Kaninong utos ang mas madali sa iyong sundin: yung galing sa isang pinuno o galing sa mahal mo sa buhay? Bakit?
- Ano ang isang natatanging bagay na kailangan mong gawin araw-araw? May panahon ba na nakaligtaan mong gawin ito? Anong nangyari?

WORD

[19]"Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."

Mateo 28:19,20

WHAT *What does the Bible say?*

Kapag may bagong kang bagay na gagawin, hindi ba't mas madali kung may sumama at gumabay sa iyo na gawin ito? Madalas, ang mga salitang "paggawa ng mga tagasunod" ay nakakatakot para sa atin pero ang katunayan, hindi dapat tayo mag-atubili dahil nangako ang Diyos na bibigyan Niya tayo ng kakayahan upang gawin ang mga inuutos Niya sa atin. Ano ba talaga ang pagdidisipulo?

- **Ang paggawa ng mga tagasunod ay tungkol sa pagtulong sa mga tao upang magkaroon sila ng ugnayan sa Diyos.**
  ". . . Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu."

  Mateo 28:19

  Ang pagdidisipulo ay hindi lang pagbibigay ng mga kautusan upang sundin ng isang tao. Sa halip, ito ay ang pagpapaunawa sa kanya na sa katunayan, ang pagtanggap kay Jesus sa kanyang buhay ay pagpasok sa isang ugnayan kasama Siya. Papaano ba tumatakbo ang isang ugnayan? Kailangang paglaanan ito ng panahon upang lalong makilala ang isa't isa, upang makapag-usap, at makapagbahagi ng buhay. Papaano ba lumalago ang isang tao sa kanyang ugnayan sa Diyos?

- **Ang paggawa ng mga tagasunod ay tungkol sa pagtuturo sa mga tao na sumunod sa Salita ng Diyos.**
  "Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. . . ."

  Mateo 28:20

  Ang pagdidisipulo ay hindi lamang simpleng pagtuturo ng mga simulain upang magkaroon lang ng karunungan kundi ito ay pagbabahagi ng katotohanan na magbubunga ng pagsunod hango sa pagmamahal at debosiyon sa Diyos. Ito ay ang pagtuturo sa mga tao na makarinig galing sa Diyos at makaalam ng Kanyang kalooban para sa kanila. At kahit na maaaring magusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga espirituwal na mga pinuno at sa makaDiyos na payo, dapat matutunan ng isang disipulo ang manalig sa Diyos at hindi sa tao. Sa buhay mo, paano mo nalaman at sinimulang sundin ang kalooban ng Diyos?

- **Ang pagdidisipulo ay ang pamumuhay para sa Diyos araw-araw.**
  ". . . At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."

  Mateo 28:20

  Isang disipulo lamang ang makakagawa ng tagasunod at ang isang disipulo ay isang taong sumusunod sa Diyos araw-araw, namumuhay bilang anak Niya sa bawat sandali, sa kahit anong sitwasyon o kinaroroonan, sa trabaho man yan, sa eskwela, habang nagbabakasyon, atbp. Subalit ginagawa ng Diyos na ito'y maging madali at kapanapanabik sa atin dahil nangako Siyang sasamahan Niya tayo hanggang sa dulo ng panahon. Kumusta ang iyong araw-araw na pamumuhay sa Diyos? Ano ang ikinalulugod mo ng husto rito?